# 1

"Who is she?" tanong ni Danzele sa kaibigang si Benjie. Si Danzele Soriano ang kilalang Chief Executive Officer ng *San Nicolas Mini-Mall*–mayaman, guwapo, hinahangaan at pinapantasya ng mga kababaihan. Kinaiinggitan din siya ng mga kalalakihan dahil sa angkin niyang mga katangian.

"Siya si Heidi Miranda," sagot ni Benjie.

"So, siya pala si Heidi Miranda. You know her personally?" He had heard of her name as soon as he arrived in San Nicolas.

"Who wouldn't know her? Simula noong grade one pa lang kami, kilala ko na siya."

"Talaga?"

"Ah, hindi pala. Grade two ko siya naging kaklase."

"So dito pala talaga siya lumaki?"

"Oo. Come on, you should know her."

"I have heard of her but I had no chance of meeting her. Pero kung natuloy ang wedding noon,

baka nagkakilala kami."

"Bakit? Interesado ka sa kanya?" tanong ni Benjie.

Nangunot ang noo ni Danzele bago tumingin sa kausap. "Saan ba siya nakatira ngayon?" sa halip ay tanong niya.

Sumagot ang pangalawang lalaki. "Sa Maynila. Lumipat siya roon kasama ang pamilya niya. Hindi ba naikuwento sa iyo ni Mark?"

Umiling siya. "Nope. He wouldn't say anything. Ganoon naman talaga si Mark. Masyadong secretive. Besides, we're not that close." Tinitigan nito ang babaeng kilala na niya noon pa man sa pangalan. "She's really an eye catcher. A certified classy girl."

Tumawa si Benjie. "Huwag mo nang ambisyunin 'yan, pare. Masisira ka diyan."

"Don't you dare me, pare. Kung ako si Mark, hindi ako basta papayag na iwanan ng babaeng 'yan… at sa mismong araw pa ng aming kasal." Tumutok muli ang mga mata niya sa dalaga. "She looked very mysterious. Beautiful and sensuous."

"Nadali mo. Naku, mas maraming alam ang asawa kong si Jona tungkol sa kanya. Alam mo na

ang mga babae, mas maraming alam sa mga ganyang bagay kaysa mga lalaki."

Napuno ng interes si Danzele para sa babaeng pinag-uusapan. This Heidi Miranda really had aroused his curiosity in an instant. He knew her by name. Alam niyang ito ang fiancee ng cousin niya na hindi sumipot sa araw ng kanilang kasal.

In the meantime, he contented himself with just watching Heidi from afar. Ito na yata ang pinakamagandang tanawin sa pagtitipong iyon para sa kanya—sa buong San Nicolas na rin, sa loob ng tatlong taon niyang pagtigil sa bayang iyon.

"Bakit siya tumakas sa araw ng kanyang kasal, sa palagay mo?" tanong niya.

Tumawa si Benjie. "Maraming espekulasyon. Hindi ka maniniwala."

"Try me. Mark did not want to talk about it when I asked him once."

"Well, ganito 'yan." In a low voice, the man began to share the juiciest piece of gossip ever to spread out in San Nicolas.

---

Si Heidi Miranda ang subject ng usapan ng

dalawang lalaki na nakaupo sa dulo ng restaurant kung saan ginaganap ang pre-wedding party ng isang pareha na ikakasal. Kaibigang matalik ni Heidi ang bride na si Maia kaya siya napilitang bumalik sa bayang iyon na isinumpa niyang hindi na muling pupuntahan pa.

The sudden burst of laughter startled her. Paglingon ni Heidi, nakita niya ang dalawang lalaki na akala mo ay nagmamay-ari ng buong lugar para tumawa nang ganoong kalakas. Kilala niya ang isa—ang kababata at naging kaklase niya sa elementary at high school na si Benjie Sumbillo. Ang isa pa na matangkad at guwapo ay hindi pamilyar sa kanya.

Naisip agad ni Heidi na marahil ay may pinag-uusapan ang mga ito na dirty joke. Umingos siya. These men did not know how to behave in public places. Kunsabagay, ano ba naman ang dapat na asahan sa mga taga-San Nicolas?

Ang pamilya ng mapapangasawa ni Maia ang may pakana kung bakit nagkaroon pa ng ganitong pagtitipon bago ang kasal nina Maia at Zosimo dalawang linggo mula ngayon. Ang totoo ay napakasuwerteng maituturing si Maia dahil kahit maaga itong nabalo at may isang anak ay niligawan ni Zosimo na certified na binata at may-kaya pa.

Well, hindi naman pare-pareho ang kuwento ng pag-ibig ng mga tao. May pangit. May maganda. Masaya siya para sa kanyang best friend.

Kaya nga nang tinawagan siya nito, hindi siya nakatanggi dahil nagkakandaiyak si Maia para lang umuwi siya. Nang ikasal ito sa unang asawa ay hindi siya dumalo. Nang nanganak ito at nagpabinyag at kinuha siyang ninang ay hindi rin siya umuwi. Nang namatay ang asawa nito sa aksidente mahigit isang taon na ang nakakaraan ay natiis din niya itong hindi damayan. Pero ngayon na ayon kay Maia ay pinakamasayang araw sa buhay nito, talagang magagalit na raw ito kung hindi pa rin siya darating.

Sa San Nicolas, tanging si Maia lang ang maituturing niyang naging pinakamatalik niyang kaibigan. Alam kasi niya na ito lang ang kaisa-isang taga-roon na hindi humusga sa kanya. At iginalang nito ang pananahimik niya noong magdesisyon siyang huwag sabihin ang totoong dahilan ng kanyang paglisan sa bayang iyon.

Okay sa kanya na sa wakas ay natagpuan na rin ni Maia ang tunay na pag-ibig sa katauhan ni Zosimo. Pilit kasi itong ipinakasal ng magulang nito sa una nitong asawa na sa pagkakaalam niya ay nagpahirap naman ng kalooban nito.

Pumuwesto siya malapit sa buffet table. Abala si Maia kaya iniwan siya nito kani-kanina lang. She caught the band leader's roving eye when they began to play a James Ingram ballad. Nginitan siya nito. She smiled back then quickly turned her attention to the buffet table. Nagsimula siyang pumili ng pagkain.

"Heidi!"

Heidi formed a fake smile and turned around. "Ah, Mrs. Gomez, kayo pala."

Si Mrs. Gomez ay elementary teacher sa *San Nicolas Elementary School* at naging guro niya ito noong grade five.

"Aba, matagal kang hindi umuwi dito sa atin, ah. Mabuti naman at alam mo pa pala ang pauwi."

*Tsismosang matrona*, gigil na sigaw ng utak niya pero pinanatili niya ang pekeng ngiti sa labi. "Oho naman. Hindi naman ho kalayuan sa Manila ang San Nicolas, paano ko naman hindi malalaman ang papunta rito?"

"Ilang taon na nga ba?"

Gusto na niyang talikuran ito. May laman ang ngiti nito at ang tanong nito.

"Ibig kong sabihin, ilan taon na nga ba kayong pamilya na wala dito sa San Nicolas?"

"Three years ho." Three years, two months, six days. Obviously not long enough for people to forget.

"So, sa Manila pa rin pala kayo. You're looking good and very sophisticated."

Ngumiti siya uli. Fake pa rin. "Thank you, Mrs. Gomez."

Kumuha ito ng pagkain at pinuno ang plato nito. Pagkuwan ay nagtanong na naman. "Ang parents mo? How are they?" Mukhang wala itong balak na lubayan siya.

"Okay naman ho sila," sagot niya bago bahagyang lumayo para dumampot ng oyster sa kabilang bahagi ng buffet table.

Itong si Mrs. Gomez, mukhang hindi marunong bumasa ng body language, sinundan pa rin siya. "Nagtuturo ang tatay mo sa Manila?"

Tumango na lang siya. Sana ay makahalata na ito na gusto na niyang tapusin ang usapang iyon.

Pero talaga yatang wala itong pakiramdam. "Hindi sila umuuwi nang madalas, ano?

Napapabayaan na nga rin ang bahay ninyo. Sayang naman. Kunsabagay, pagkatapos ng mga nangyari… talagang mahirap para sa kanila ang umuwi dito."

Heidi wanted to set down her plate, leave the room and leave San Nicolas just like she did three years ago. Ang tanging nagbibigay sa kanya ng lakas ng loob na huwag gawin iyon ay ang isang bagay. She did not want to give anybody the satisfaction of scaring her off. At saka bukod sa kasal ni Maia, may mahalaga siyang aayusin para sa kanyang negosyo.

"Ang inay mo, kumusta naman? Mataba pa rin?"

Gusto na niyang magpuyos sa inis. Mabuti na lang at lumapit si Maia sa kanila. "Uy, Heidi! Kanina pa kita hinahanap. Tulungan mo naman akong ayusin ang buhok ko. Natanggal sa pagkakaayos." Nilingon nito ang gurong kausap niya. "Hihiramin ko lang po sandali si Heidi, Mrs. Gomez." Kinuha nito ang plato niya at ipinatong sa mesa. Hindi na nito hinintay na makasagot ang babae. Hinila siya nito sa kamay at nagtungo sila sa powder room. Ini-lock iyon ni Maia.

"Whew!" sabi ni Heidi. "Salamat, Maia, ha? Inilayo mo ako sa bruhang tsismosa."

Tawa nang tawa si Maia. "You looked like you

needed rescuing. Nakita ko kasi na naiinis ka na. Baka 'ika ko hindi ka makatiis at maihampas mo sa mukha ni Mrs. Gomez ang dala mong plato kaya lumapit na ako."

"Ngayon, magtataka ka pa kung bakit ngayon lang ako bumalik pagkatapos ng mahigit tatlong taon? Masisisi mo ba ako? Diyos ko, alam ko naman na lahat ng mga tao rito ay gustong malaman kung ano ang ginagawa ko sa Maynila. Kung ano na'ng nangyari sa akin pagkalipas ng tatlong taon."

Ngumiti si Maia. "Kaya nga natutuwa ako na narito ka para sa akin."

"Ikaw lang ang mahalagang bagay na binalikan ko rito," matapat na sabi niya. Hanggang sa kolehiyo sa kapitolyo ay magkasama sila ni Maia kaya hindi matatawaran ang pagiging magkaibigan nila.

Sumeryoso ang mukha ni Maia. "Salamat naman. Kasi, kung hindi ka dadalo sa kasal ko, talagang iisipin ko na nalimutan mo na ang pagkakaibigan natin. Natutuwa nga ako na pati dito sa pre-wedding party namin ni Zosimo ay nakarating ka. I thought sa araw na mismo ng kasal ka na pupunta."

"May kailangan kasi akong ayusin din sa bangko. Napa-oo ko na si Itay na gamiting collateral

sa bangko ang bahay at lupa namin. You know, gusto kong palaguin ang negosyo ko sa Manila." She owns a boutique in Manila. May maliit na rin siyang patahian. Kailangan niya ng mas malaking puhunan para mapalawak ang clientele niya.

"Well, bow ako sa iyo pagdating sa negosyo. Talagang nagagamit mo ang kurso nating Business Administration, plus nagagamit mo nang husto ang talent mo sa sketching. Aba, magaganda ang disenyo mo ng damit. Eh, kung hindi nga lang sa mama ni Zosimo na nagpilit na isuot ko ang wedding gown niya at ayusin na lang, sana ay sa iyo ako magpapapagawa."

"Ayaw mo n'un? Talaga lang love ka ng future mother-in-law mo."

"Siyempre proud din ako kaya lang, gusto ko rin naman na makapagsuot ng disenyo ng best friend ko. Nasabi mo sa akin na may celebrity na nagpapapagawa ng damit sa iyo, ah."

Tumangu-tango si Heidi. "Oo, pero marami pa ako plano. Gusto kong maging tanyag na couturier."

"Eh, baka naman tuluyan mo nang malimutan ang pag-aasawa at puro career na lang ang atupagin mo."

Tumawa lang siya.

"Oy, best friend, alalahanin mo na pangalawang marriage ko na ito. Ikaw… puro ka lang date."

Nagkibit-balikat siya.

Kilala siya ni Maia. Magmula noong umalis siya sa San Nicolas at nagkakaroon ng pagkakataon na magkausap sila ni Maia ay iniiwasan niyang mapag-usapan ang tungkol sa kanyang lovelife. She just said she was happy going out on dates with different men. Wala siyang seryosong boyfriend since the time he left San Nicolas.

Saglit pa silang nag-usap ni Maia sa loob. Ikinuwento ni Maia kung gaano ito kasaya na sa wakas ay natagpuan nito sa katauhan ni Zosimo ang tunay na pag-ibig.

Hinawakan ni Maia ang kamay niya. "Alam kong ayaw mo nang bumalik dito sa San Nicolas at kaya ka lang napilitan ay para pagbigyan ako. I realized it's a big sacrifice for you to come home and be here for me and I really appreciate it. Super thank you talaga!"

"Hindi kita matitiis, alam mo 'yan." Napalunok si Heidi. "I'm happy for you," aniya. "Hindi ko lang ma-imagine na 'ayan at magpapakasal ka uli. Ewan

ko ba, I just felt relieved to have escaped one."

"That's probably because he's not the one you thought you can share your life with." Itinaas ni Maia ang kilay nito. "Nakita mo na ba ang ex-fiancé mo? Si Mark?"

"No and I hope I won't."

"May mga kumakalat na tsismis na on the rocks na ang samahan nila ng asawa niyang si Dawn. Alam mo bang—"

"Ayokong marinig," putol agad ni Heidi sa pagkukuwento ni Maia. "Ayokong pag-usapan ang tapos na. Kung noon nga, ayokong pag-usapan ang bagay na 'yon, mas lalo na ngayon."

"Alam ko naman. At iginalang ko ang kagustuhan mong manahimik."

"Ganoon din ang parents ko. Nang tinanong nila ako kung bakit ko ginawa iyon at sinabi kong sarili kong kagustuhan ang ginawa ko, hindi na sila nagtanong pa. But the people here… alam ko, hanggang ngayon, hindi pa rin nila nalilimutan ang lahat."

"Hayaan mo lang sila. Basta masaya ako na narito ka."

"Feeling ko kasi, mawawalan na ako ng kaibigan kung hindi pa kita pagbibigyan."

Itinaas ni Maia ang kamay nito. "Okay," anito. "So let's go out na. Siguro naman, hindi ka na kukulitin ni Mrs. Gomez."

Nagtatawanan sila nang lumabas sila sa powder room. Nasalubong nila si Zosimo at agad na niyaya nito ang magiging asawa dahil may ipapakilala raw na kamag-anak dito.

Heidi saw how Zosimo placed a protective arm around Maia's slender shoulders. May naramdaman siyang hapdi sa kanyang puso. Heidi attributed the empty feeling that suddenly seized her to hunger, and decided to give the buffet another try. Sana lang ay wala nang asungot na lalapit sa kanya ngayon.

Ang mapag-usapan ang tungkol kay Mark at sa nakaraan kahit saglit lang ay nagpabalik ng maraming negatibong bagay at emosyon na iniwan niya sa San Nicolas mahigit tatlong taon na ang nakararaan. Akala niya ay nalimutan na nga niya iyon pero hindi pala. Unfortunately, ganoon din ang mga dating kababayan niya.

She should have known better than to come back. Pero paano niya matatanggihan si Maia?

Dalawang linggo ang ilalagi niya sa San Nicolas para sa kasal ng kaibigan at para asikasuhin ang ilang bagay. Kakayanin kaya niyang tumagal sa bayan na isinumpa niyang hindi na babalikan pa?

Sana.

Naramdaman ni Heidi ang pagkalam ng kanyang sikmura. She indulged herself in the array of desserts at the end of the buffet table. Hindi na lang niya binalikan ang ibinabang plato kanina na may laman na. Mas naengganyo siyang kumain ng desserts na kakaiba ang presentasyon.

She took two triple chocolate-dipped strawberries from a silver tray and found a secluded corner where she could eat them.

She chewed the strawberry with slow, sinful relish, letting each layer of chocolate melt and fill her mouth with its particular degree of sweetness. Napapikit pa nga si Heidi. She was really enjoying it!

# 2

Danzele was watching Heidi. Hindi niya mapigilan ang sarili na titigan ang babae. Casually propped against the wall, ankles crossed, long legs at a slant, he watched Heidi as she ate the chocolate-covered strawberries. Hindi niya alam pero he found this very erotic that his own mouth watered, imagining the taste of her lips and tongue which he could tell was more delectable than those strawberries.

"Hmm… sa kanya pa rin nakatutok ang mga mata mo, ha?"

He shifted his weight but did not remove his gaze from the woman. "She's an eyeful," aniya kay Benjie. "I am still wondering why she ditched my cousin at the altar."

"Walang nakakaalam ng totoong dahilan. There were just so many speculations. Basta na lang niya iniwan ang kanyang groom, ang pinsan mong si Mark, high and dry."

"That's what I heard. Nalagay sa kahihiyan ang pamilya noon. I wasn't here but I knew about it. Mabuti na lang, madaling naka-recover ang pinsan

ko. Nag-asawa rin agad."

"Yeah right. Ironic na close friend din ni Heidi ang napangasawa ni Mark."

Muli niyang tinitigan si Heidi. "I think I should know her. Better."

Tumaas ang kilay ng kausap niya. "Don't bother, Danzele."

"Bakit?"

"Hindi uubra ang charisma mo d'yan."

"You don't know that. Kilala mo ako, Benjie."

"Alam kong matindi ang track record mo sa mga babae at simula nang nakilala kita ay sobrang impressive ang record mo. Pero palagay ko, pare, masisira ang record mo diyan kay Heidi," tila may paghahamon pa ring sabi ni Mark.

"Do you know how long she'll be in town?" curious na tanong ni Danzele.

"Nakakuwentuhan na siya ni Jona kahapon nang kararating lang niya. Two weeks daw siya rito kasi may aasikasuhin sa bangko. Doon siya nakatira sa dati nilang bahay, sa dulo ng bayan. Malapit sa mansion mo."

"I see."

"Kaya kung ako sa iyo, bilis-bilisan mo, pare ko."

Tumango siya. "I want to get close to her."

"Bakit, pare? Gusto mo bang iganti si Mark?"

"It wasn't in my mind. I have no reason for doing that. Gaya ng nasabi ko, gusto ko siya makilala and I'm beginning to like her a lot," kibit-balikat na sabi niya. He looked at her from a distance. Marahil nga ay talagang napukaw ang interes at kuryusidad niya ng mga bagay na nasabi ni Benjie sa kanya tungkol kay Heidi.

---

His smile had all the cunning of a fox and all the honesty of a *Boy Scout*. Napansin agad ni Heidi ang lalaking palapit sa kanya. Ito ang lalaking katawanan kanina ng schoolmate niya dati na si Benjie. Hindi nawala ang ngiti nito habang palapit sa kanya. Piratical mischief and angelic sincerity exuded from that smile. That self-confident grin could either make you melt or shiver, depending upon your point of view. Heidi did a little of both when she met his gaze.

Her heart skipped a beat or two. Hindi niya

mawari ang kanyang naramdaman. Her stomach seemed to free-fall for a long time before crash landing. Her mouth went dry.

His packaging was prettier than most. So? She knew the type. She recognized that kind of smile. Baka inisip nito na isa siyang easy girl dahil sa hitsura niya. Siya ang may pinaka-daring na damit sa lahat ng naroon. Kulay maroon na tube blouse at tight fit na white mini skirt. Well, he would find soon enough that she was more vinegar than honey.

Pumuwesto ito sa kanyang harapan. “I like the way you eat strawberries,” anito. Ni hindi muna nagpakilala o tinanong ang kanyang pangalan.

That was not the opening line Heidi had expected. May originality ang isang ito, naisip niya. Gusto na sana niya itong paalisin agad sa kanyang harapan pero hindi niya nagawa.

Her tummy fluttered and slipped a little lower. Ang maikling salitang iyon ay nagbigay sa kanya ng ideya. That he had been watching her for some time. That he liked what he saw… And that he was interested enough to take a closer look.

Flattering? Yes. Kung iba lang siguro siyang babae, baka nagustuhan niya ang ginawa nito.

Guwapo ito. Ito ang pinakaguwapo sa mga guests na naroon.

Pero hindi siya interesado rito. She just stared back at him and looked at the other direction that would have discouraged a less determined man.

His gaze moved down to her mouth. "What else are you good at?"

"Fending off unwelcomed passes," sa wakas ay nasabi ni Heidi. Tingin niya ay may sinasabi ang lalaki sa buhay. He spoke with confidence. Sobra nga lang lakas ng dating nito. Baka naman dayo ito roon. Sigurado siyang hindi ito taga-San Nicolas.

He laughed. "And making witty comebacks."

"Thank you." Hindi pa rin niya ito tiningnan. He seemed to know something personal about her. Kung bagong lipat ito sa San Nicolas, nahawa na ito sa mga tagaroon. O baka naman narinig nito ang tsismisan ng ibang guests tungkol sa kanya.

"Dance?"

"No, thank you."

She tried to turn her back on him but he touched her elbow. "Please?"

"No, thank you," ulit ng dalaga sa magalang at mariing tinig. Gusto niyang ipakita rito na naiirita siya. Pero naiirita nga ba siya? Hindi niya maintindihan kung bakit para siyang napaso sa saglit na pagdaiti ng kamay nito sa balat niya.

"Bakit naman?"

My God, dapat ba siyang magpaliwanag sa estrangherong ito? Gusto na niyang supalpalin ito pero baka mag-create siya ng eksena. Ayaw naman niyang ipahiya sina Maia at Zosimo.

"I've danced so much and my feet are hurting. Now, if you will excuse me…" She moved away, keeping her back to him. Nagtuloy siya uli sa buffet table, sa pinakadulo at kumuha ng wine glass para magsalin ng red wine.

"Sabi ng religion teacher ko noong elementary ako, masama raw magsinungaling."

Muntik nang matapon ang red wine na isinasalin niya. Hindi niya akalaing susundan pa rin siya ng lalaki. Hinarap niya ito. "I was taught that it's rude to make a pest of oneself," pasuplada niyang tugon. Sinusubukan yata ng lalaking ito ang kanyang tatag. Well, she was ready to face him.

"Hindi mo kailangang magsinungaling, you

know."

"I wasn't lying."

"Tsk-tsk. Miss Heidi Miranda, I've been watching you for more than an hour and you haven't danced."

Bahagya niyang ikiniling ang kanyang ulo. "How did you know my name?"

"Walang hindi nakakakilala sa iyo rito," anito. "Now answer my question, why did you lie? Bakit sinabi mong pagod ka na sa kakasayaw?"

She blushed but she was more annoyed than embarrassed."That should have been your first clue. Ayokong sumayaw. Kahit kanino." Diniinan niya ang huling sinabi.

"Why not just say so?"

"I just did."

Tumawa ang lalaki. "Gusto ko ang sense of humor mo."

"I wasn't trying to be amusing and couldn't care less whether you like me, my sense of humor, the way I eat strawberries, or anything else."

Hindi ito sumagot. He carefully removed the glass of red wine from her bloodless, nerveless

fingers. Ipinatong nito iyon sa table. He pulled her into his arms and said, "Dance?"

The band was into the second verse of the song before Heidi could speak. "You are kidding, aren't you?" Sinabi niya iyon, pero hindi siya nakatanggi nang hawakan nito ang kamay niya at ipatong sa balikat nito. Natagpuan na lang niya ang sarili na nakikipagsayaw na rito.

Butter would have melted beneath his smile. "This is a party. We're supposed to enjoy it. Kaibigan mo ang mga ikakasal. Kaibigan ko rin sila. Masama ba kung gusto kitang isayaw?"

Parang bulkang gustong sumabog ang kanyang ulo pero bakit naman siya magpapaapekto sa sira-ulong lalaking ito? Marami na siyang nakasalamuhang lalaking straight forward at tinawanan lang niya silang lahat. Hindi siya natalo. She's Heidi Miranda! Pero ito lang ang nakilala niya na sobra ang guts. Surely he was teasing her! He had a broad smile now. She wanted to snap at him but she could not.

"What do you think?" tanong nito.

She did not smile back. "I think you don't take no for an answer."

"Not when I want something badly enough."

"And you badly wanted to dance with me?"

Tumango ito. "Uh-uh."

"Why?"

"I've never seen a woman with golden eyes before."

"Hindi golden ang mga mata ko. Brown."

"I'd call them golden anyway. Parang may contact lenses. They matched your name."

"So why do you want to dance with me?"

He drew her closer. "Gaya ng nasabi ko na, I like the way you eat chocolate-covered strawberries."

She felt uneasy. Hindi naman sila nagsasayaw. They were standing there so close na ang dalawang kamay niya ay nakapatong sa balikat nito habang ang matipunong bisig nito ay nakayapos sa kanyang baywang. She kept a distance between them. Baka marinig nito ang malakas na kabog ng kanyang dibdib.

"Ano ba'ng pinagsasabi sa 'yo ni Benjie tungkol sa akin?" pigil ang gigil na tanong niya.

"Marami, pero marami pa akong gustong malaman."

"Like what?"

Naningkit ang mga mata nito. "What I want to know about you, Heidi, is something that I don't think you'd want me to find out here on the dance floor."

Alam niyang namula ang mga pisngi niya. Naramdaman niya ang pag-iinit ng mga iyon. She knew exactly what he meant—*I want you in my bed*. Kahit pa hindi nito sinabi iyon verbally, his eyes said it all. She squirmed away from him. "Thank you for the dance, Mister…"

"Soriano. Danzele Soriano. Pero hindi pa tapos ang kanta." He swung her into his arms again. Magpipilit sana siyang umalpas sa pagkahawak nito pero hindi niya nagawa dahil lumapit sa kanila sina Maia at Zosimo. "Hi, Maia. Hello, Zosimo… great party."

"Hello, Danzele," sabay na bati ng dalawa.

"Magkakilala na pala kayo," ani Maia bago lumayo ang mga ito at nakihalo sa gitna ng mga nagsisipagsayaw.

Heidi gave them a weak smile as they danced then shot her partner a poisonous glance. He had her and he knew it. He was not going to let her go

without a fuss and Danzele knew that she would not risk making a scene.

Ano ba naman itong nasuungan ni Heidi? It was disconcerting enough just to be held this close by a stranger. His thighs were hard as they moved against hers.

"Gusto ko nang magpahinga."

"Bakit?"

"Look, Mr. Soriano. Ayokong makipagsayaw, lalo na sa kagaya mo."

"All right. Look, I'm sorry. Maybe, I was coming on a little too strong. Sinabi kong gusto kita una pa lang. Masama bang maging prangka?"

"A little too strong? Masyado kang mayabang at arogante." Pagkasabi niyon ay pilit siyang kumawala sa pagkakahawak nito. Bahala na kung makakuha siya ng atensyon ng iba pang nagsasayaw. Mabilis ang lakad niya. Sana ay huwag na siya nitong sundan.

Pero nagkamali siya. Sinundan siya nito. He grabbed her by the arm. "Heidi…"

"Leave me alone."

Hindi siya binitiwan ni Danzele. "I'm sorry. Benjie gave me the impression that…"

Hinarap niya ito. "Na pakawala ako? Gano'n?"

"Let me explain—"

"I am not asking for your explanation, Mr. Soriano. It isn't nice meeting you." Pagkasabi niyon ay tinalikuran niya ito at mabilis na nilisan ang pagtitipon. Bahala na kung may nakapansin sa pakikipagtalo niya kay Danzele Soriano.

Dere-derecho siyang nagtungo sa kotse niyang naka-park sa labas ng restaurant. Tatawagan na lang niya mamaya si Maia at magpapaliwanag.

Nanggigigil siyang hindi mawari habang nagmamaneho. Parang gusto niyang umiyak pero bakit naman niya gagawin iyon? Ipinangako niya sa sarili magmula nang lumisan siya sa San Nicolas nang mismong araw ng kasal niya na hindi na siya iiyak. What was that Danzele Soriano up to? Hindi niya ito kilala para tratuhin siya ng ganoon.

Hindi rin niya maintindihan ang kanyang sarili kung bakit may kaunting panghihinayang siyang naramdaman. Siguro kung gentlemanly ang approach nito sa kanya kanina, malamang na mas okay pa. Malamang na nakipag-usap siya rito nang

matagal. Malamang na nakipagsayaw siya rito nang maayos.

He was too arogant. Napakapresko nito.

Sa bahay nila sa dulo ng bayan siya nagtuloy. May kamag-anak sila na naglilinis ng bahay nila tuwing araw ng Linggo kaya hindi napapabayaan iyon. Ang bahay na iyon ang balak niyang ibenta para makatulong sa kanyang negosyo sa Maynila. Hindi ganoon kabilis ang bentahan kaya ang plano niya ay isangla muna iyon sa bangko pansamantala.

Hanggang sa nakarating si Heidi sa bahay ay ang nakangiti pa ring mukha ni Danzele Soriano ang nakikini-kinita niya.

Marami ding dumaloy sa kanyang gunita. Iyon na nga ba ang ikinakatakot niya sa pagbalik sa bayang iyon. Pero ang sabi ng mga magulang niya, marahil ay sapat na ang lumipas na panahon para tuluyan niyang malimutan ang lahat.

# 3

Kinabukasan na ng umaga sila nagkausap ni Maia. Tinawagan niya ito sa telepono. Humingi siya ng pasensya rito.

"Hay naku, nagulat na nga lang ako nang bigla ka na lang nag-disappear. I thought you were having a grand time with Danzele," ani Maia.

"That bastard!"

"Bakit? Ano ba'ng nangyari? You were dancing last night. I thought you were getting along well. He is a handsome hunk, you know."

"Sira na nga ang gabi ko kagabi dahil sa mga nakakauyam na tingin at bulungan ng mga tao, lalo na si Mrs. Gomez, mas nasira pa dahil sa lalaking 'yon." Ikinuwento niya ang nangyari.

Narinig niya ang pagtawa ni Maia sa kabilang linya. "Laki kasi sa States 'yang si Danzele kaya may pagka-straight-forward. Una siyang nagtayo ng negosyo sa Manila pero mas piniling mag-settle dito sa San Nicolas. Alam mo bang ang mga babae sa San Nicolas, mangitian lang niyang si Danzele, langit na para sa kanila? Makatunaw-panty liner

daw ang ngiti niya. Pinapangarap ng lahat ng taga-rito si Danzele na maging boyfriend o asawa."

"Well, not me. Masyado siyang conceited at akala mo kung sino."

"He's Mark's second cousin."

Nagulat si Heidi. "What!" Baka kaya siya binuwisit nito kagabi? Kaya derechahan nitong sinabi na gusto siya nito ay dahil balak nitong gantihan siya para kay Mark. Lalo lang siyang nagngitngit.

"Yup. Cousin siya ni Mark. Nagbalik-bayan siya right after you left and he decided to put up his own business here in San Nicolas, after selling his newly-acquired business in Manila. Mas gusto raw niya ang tahimik na lugar. Nakita mo na ba ang mini-mall sa plaza? That's his. Siya ang CEO ng *San Nicolas Mini-Mall*. 'Tapos, ka-partner pa siya nina Zosimo at Benjie sa papermill company sa kabilang bayan. He had the biggest share of stocks kaya siya rin ang CEO niyon."

"Kaya pala ganoon siya kayabang."

"Hindi naman siya mayabang. He's just honest and straight-forward. Laking-America nga kasi. Matagal-tagal na rin siyang kaibigan ni Zosimo at base sa kuwento ni Zosimo, Danzele says what he

feels. Hindi siya ipokrito at plastic. Kaya nga sila nagkasundo agad."

"I thought si Mrs. Gomez na ang pinakasisira ng gabi ko, ang Danzele na 'yon pala."

"Naku, how sad. Siya pa naman ang ka-partner mo sa wedding. Siya ang best man ni Zosimo."

Nanlaki ang mga mata ni Heidi, pati na yata ang butas ng ilong. "What!"

"Oh yes. Bakit? Hindi mo ba nakita sa invitation?"

"Hindi ko pa nabuksan," sagot niya. "It doesn't matter. Hindi naman uubra ang istilo niya sa akin. Lalo pa't alam ko na pinsan pala siya ni Mark. Ang wedding mo na ang pinahuling pagkikita namin."

"Maliit na bayan lang ang San Nicolas, alam mo 'yan. Baka hindi lang sa kasal namin ni Zosimo kayo magkita."

"Sana naman ay huwag magsalubong ang landas namin. He annoyed me so much. Baka hindi ko siya matantya sa susunod."

"The ladies in San Nicolas think otherwise. He's known to be dating the most eligible bachelorettes in town, kabilang na ang anak ni Mayor."

“Kaya siguro yumabang ng ganoon ’yon dahil sa atensyon na ibinibigay ng mga taga-rito. Kagabi nga, sobrang makipagtawanan kay Benjie. And speaking of Benjie, hindi ko akalain na tsismoso pala ang kababata nating ’yan. Sinabi ng Danzele na ’yon na marami raw ikinuwento sa kanya si Benjie tungkol sa akin.”

“’Sus, normal na ‘yon dito. At saka di ba pinsan nga siya ni Mark? Malay mo kung hindi nagkuwento si Mark tungkol sa nangyari.”

Napabuntong-hininga si Heidi. At ano naman ang ikukuwento ni Mark tungkol sa nangyari? Nasisiguro niyang kung nagkuwento ito, hindi iyon totoo. Pinili na lang niyang huwag sumagot.

Well, bakit ba siya mamomroblema? Kung sa loob nga ng mahigit tatlong taon ay hindi niya inalintana kung anuman ang tumatakbo sa utak ng mga taga-San Nicolas, ngayon pa kaya? At sino ba ang Danzele na iyon sa kanya? He was just a stranger. An arrogant stranger who thought she was an easy girl.

*Damn him!*

Bago pa masira ang kanyang araw ay minabuti ni Heidi na simulan ang kanyang umaga sa pagdya-

jogging. Alas siete pa lang noon. Hindi pa matindi ang sikat ng araw. Masarap tumakbo sa palibot-libot. Madalang ang bahay sa gawi nila. Tantya niya ay walang nadagdag sa mangilang-ngilang bahay sa bahaging iyon ng bayan magmula nang lisanin nila ang San Nicolas. Ilang linggo matapos siyang umalis doon ay sumunod na ring umalis ang mga magulang niya. Ang itay niya na si Mang Melchor ay natanggap naman agad sa pagtuturo sa isang eskwelahan sa Maynila. Ang kanyang inang si Aling Gloria naman ay itinuloy ang business nitong buy and sell ng mga alahas. Sarili na rin nila ang bahay na tinitirhan. Nabili iyon ng mga magulang niya na luma at ipina-renovate na lang. Ang silong ang ginawa niyang patahian. May puwesto naman siya ng boutique sa Greenhills. Kahit paano ay kumikita naman siya. Gusto nga lang niyang mas lumago pa iyon kaya kailangan niya ng mas malaking kapital.

Ilang kilometro mula sa bahay nila ay may dagat. Sa gawing likuran iyon. Sa gawing kaliwa naman ay may mga pataniman ng palay at mais. San Nicolas was an agricultural town. Nagulat nga lang siya kanina nang malaman mula kay Maia na may mini-mall na pala sa may plaza. She had never been in the town proper since she arrived from Manila. Sabi rin ni Maia ay may *Jollibee* na rin daw sa mini-

mall na iyon.

Kahit paano ay nag-i-improve na rin naman pala ang San Nicolas kung ekonomiya ang pag-uusapan. Agricultural at industrial town na ito ngayon. Ang hindi na lang nagbabago ay ang pagiging tsismosa ng karamihan sa mga tao rito. Hindi naman siguro lahat pero karamihan ay mahilig talagang pag-usapan ang buhay ng may buhay.

Sinadya niyang huwag lumayo sa gawi ng bahay nila. Sa mismong loob na lang ng bakuran siya nagpatakbo-takbo. Kahit ilang metro ang layo ng bahay nila sa kapitbahay ay minabuti na rin niyang huwag magpakita sa mga iyon para maiwasan ang mga posibleng pagtatanong ng mga ito. Kung aalis naman siya ay sakay siya ng kotse kaya okay lang.

Nang mapagod siya sa mahigit tatlumpong minutong pagtakbo ay nag-brisk walking na lang siya. Hindi na niya magawang mag-gym sa Maynila kaya na-miss niya talaga ang pagpapapawis. Gayunman ay na-maintain naman niya ang magandang hubog ng kanyang katawan. She was blessed with perfect curves and flawless skin.

Mag-a-alas-ocho na nang pumasok siya sa kabahayan. Nagtuloy siya agad sa banyo para mag-shower pagkatapos na tuyuin ng tuwalya ang

kanyang pawis. Magaang-magaan ang kanyang pakiramdam nang lumabas siya sa banyo. She was wearing a loose white big cotton shirt when she came out of the shower. Kinukuskos niya ng puting tuwalya ang mahaba niyang buhok nang marinig niya na may kumakatok sa pinto. Naisip niyang baka ang kamag-anak nilang naglilinis sa bahay ang dumating.

Wala sa loob na binuksan niya ang main door. Bigla ang pagtahip ng kanyang dibdib nang napagsino kung sino ang kumakatok. Si Danzele Soriano!

She instantly felt her heart in her throat. "Ano'ng ginagawa mo rito?" nagawa niyang itanong. Biglang naalala niya ang mga ginawa at sinabi nito kagabi.

He was wearing dark glasses but she knew he was scrutinizing her. "May pinuntahan ako sa gawi dito. I'm just dropping by. Tinanong ko kay Benjie kung saan ang bahay mo. Hindi mo naitatanong, malapit lang din dito ang bahay ko. Sa may Acacia St. The green house is mine."

Alam niya ang Acacia St. Naglalakihan nga ang mga bahay roon—mga mansion.

He was half-smiling. Batid niyang nakatitig ito

sa kanya kahit nakasuot ito ng itim na salamin.

The thought made her shiver. She stubbornly refused to cover herself with the towel in her hand. Manipis na puting loose shirt lamang ang suot niya at bikini. Ni wala siyang suot na bra. Pero kapag ipinakita niyang naiilang siya sa presensya nito, baka isipin nitong naduduwag siya. She was not about to give him the satisfaction of seeing her rattled. She was a modern city girl. She was not an old maid. Gayunpaman ay ayaw rin niyang isipin nito na gusto niya ang presence nito.

“Ano’ng kailangan mo?”

“Aren’t you going to invite me in?”

“Masyado pang maaga para tumanggap ako ng bisita. Ni hindi pa oras para magsuot ng shades,” patutsada niya. “And I only allow friends inside my house.”

Ngumiti ito, sabay tanggal sa suot nitong *Oakley* sunglasses.

Bigla ay nagsisi siyang pinaringgan pa niya ito. Sana ay hindi na lang nito tinanggal ang suot nitong salamin. His eyes were more alarming now. Heidi wished his charm was easier to ward off.

"I was just being nice. I was only trying to make you feel welcome."

"You don't need to do that. I grew up here, remember?"

"Then by comparison, that makes me the newcomer. You should be nice to me."

Hindi siya dapat magpatalo sa wit at charm ng kausap niya. Danzele Soriano was a shock to her system. She had never met someone as straight-forward as him in Manila. Marami na siyang nakilala pero iba ang dating ng lalaking ito. Iyon lang ang maaari niyang idahilan sa mabilis na pintig ng kanyang puso ngayong kaharap niya ito. Idagdag pa ang inis na naramdaman niya rito kagabi.

"Mr. Soriano…"

"Danzele," he corrected.

"Danzele na kung Danzele! I know your motives."

"What motives?"

"Alam ko na pinsan ka ni Mark."

Nakita niyang tumaas ang gilid ng labi nito. "Oh yeah. So?"

"So you told me you like me at kung makakalusot

ka, you'll be getting even with me." Umiling-iling siya. "Ngayon pa lang, sinasabi ko na sa iyo na hindi mangyayari ang iniisip mo."

"Let me tell you this. Alam ko na iniwan mo sa gitna ng altar ang pinsan ko. Pinahiya mo siya but that has nothing to do with my wanting to know you and wanting to…" Ibinitin nito ang ibang sasabihin bago siya tinitigan.

Nag-init ang mga pisngi ni Heidi. "Look, Danzele, hindi ko alam kung ano'ng sinabi sa iyo ni Mark o ni Benjie tungkol sa akin but—"

"Mark didn't tell me anything about the issue three years ago. We were not that close. Benjie told me a lot about you but I formed my own opinions. Unang-una, hindi ako nakikipaglapit sa iyo para iganti ang pinsan ko. I know you have reasons for leaving him. Iyon ang gusto kong malaman."

"At sa tingin mo sasabihin ko 'yun sa 'yo? Kung sa parents ko nga at sa best friend ko, hindi ako nagsabi, sa iyo pa kaya? Who are you to form opinions about me? Hindi mo ako kilala."

"Kagabi, habang tinitingnan kita, pinag-aaralan na kita. Base sa mga speculations na sinabi ni Benjie sa akin, I have come to realize some things."

"I thought you're a businessman, psychologist ka pala," papilosopong sagot ng dalaga.

Hindi nito pinansin ang sinabi niya. "Did you realize that you mouthed the words to every song the band played last night?"

Hindi nakapagsalita si Heidi. She knew arguing at this point was pointless. Singing along with the radio was a habit of hers. "I love music."

"And food," dugtong nito. "Alam mo kung anong pagkain ang bagay sa iyo. Food with eye appeal, bagay sa iyo 'yon gaya ng strawberry."

Gosh! Gaano katagal ba siya nitong pinagmasdan at pinag-aralan? She felt exposed and vulnerable. "You should have become a window peeper."

He laughed. "How do you know I'm not?"

Bahagya siyang inalihan ng kaba pero iyong klase ng kaba na may kasamang ibang pitlag ng puso. Goodness, hindi kaya isa itong sex pervert at naghahanap ng biktima?

"Relax," anito. "I'm not that subtle. Nor that masochistic. Kung interesado ako sa isang babae, I want to do more than peep at her. I would want to touch."

Naiinis siya sa sarili. Dapat ay ipagtabuyan niya ito sa mga pinagsasabi nito. Dapat ay sampalin niya ito gaya ng naipangako niya kapag sinabihan pa siya nito ng kung anu-ano pero hindi niya magawa. "I should have guessed. Ang gaya mo, masyadong malakas ang bilib sa sarili. Kawawa naman ang mga babae dito sa San Nicolas."

Hindi nito pinansin ang pasaring niya. "Now, are you not going to invite me in?"

Humugot siya ng malalim na buntong-hininga. Niluwangan niya ang bukas ng pinto. "Pumasok ka." Sa tingin niya ay hindi ito titigil sa pangungulit.

"Thanks," tuwang-tuwang sabi ni Danzele. Pakiramdam nito siguro ay nanalo ito sa pakikipagtalo sa kanya.

"I'll just go change," paalam niya bago nagtuloy-tuloy sa kuwarto niya. Habang nasa kuwarto siya at nagpapalit ng damit ay hindi niya lubos-maisip na nasa loob ng bahay nila si Danzele Soriano. Nagsuot siya ng maong na pantalon at t-shirt na kulay itim.

Nang lumabas siya ay kampanteng nakaupo na ito sa sofa sa salas.

"Ikukuha muna kita ng coffee," aniya bago nagtuloy siya sa kusina. Hindi niya alam kung bakit

tila naging abnormal ang pagpintig ng kanyang puso sa mga sandaling iyon. Ayaw niya ng kanyang nararamdaman.

"You have a nice home."

Muntik na siyang mapapitlag nang narinig ang boses nito sa kanyang likuran. "Thanks," nagawa niyang sabihin. "This house is small."

Nakita niyang naupo ito sa dining chair, paharap. Iniyakap nito ang dalawang kamay sa sandalan. He seemed very relaxed. Ibinaba niya ang puswelo ng kape sa tapat nito. "Inumin mo na habang mainit."

Humigop nga ito. "Hmm… sarap." Sinulyapan siya nito. "Sabi nila, nasa nagtitimpla daw ang isasarap ng kape."

"Are you here to discuss how coffee should be mixed? For your information, three-in-one sachet ang tinimpla kong 'yan."

Tumawa ito nang pagak. "I know pero kung hindi mo tantyado ang dami ng tubig na ilalagay mo, hindi rin masarap ang lasa kahit three-in-one mix."

Nonsense. Hindi niya alam kung uupo ba siya o mananatili na lang nakatayo. Sumandal siya sa

lababo.

"Hindi ka ba nagbi-breakfast?"

"I had coffee. I don't usually eat breakfast."

"Gusto mong kumain sa plaza? There's this new restaurant there that serves delicious food."

"I have no plans of going out… especially with people I don't know."

"You know me."

"I don't like you."

Ikiniling nito ang ulo. "That's too bad. Balak ko pa namang siguruhin na gugustuhin mo ako." Tumayo ito.

Napaurong si Heidi nang bahagya. Sa oras na may gawing masama ito sa kanya ay hindi niya alam kung paano niya ito lalabanan. Nagkamali yata siya sa desisyong patuluyin ito.

Humakbang ito palapit sa kanya.

She was alarmed. "Ubusin mo na ang kape mo at umalis ka na."

"Why? Are you scared?"

"W-why should I be scared?"

Huminto ito sa paghakbang nang may isang dipa na lang ang layo sa kanya. “You shouldn’t be scared. I will not do you any harm. I like you too much to do that.” Humakbang pa ito at hinaplos ng likod ng palad nito ang kanyang pisngi.

Para siyang napaso. Hinawi niya ang kamay nito.

Ngumiti ang lalaki. Muli ay naupo ito sa silya at humigop ng kape. Mukhang wala pa itong balak na umalis.

Saka lang humupa ang matinding kabog ng kanyang puso. “Ubusin mo lang ang kape mo, umalis ka na and don’t talk to me again.”

“I guess I can’t do that.”

“Baliw ka ba o talagang mahirap ka lang kausap?”

Umiling ito. “Mahirap bang intindihin ang sinabi ko? I like you. Benjie told me quite a story about you.”

“I get rid of people who always bring my past into conversation.”

“Was it true, Heidi?”

Nanlaki ang mga mata niya. "Ano? Alin? Ano ba'ng pinagsasabi ng Benjie na 'yon sa 'yo?"

"Sinabi ni Benjie ang ilang espekulasyon kung bakit umalis ka sa mismong araw ng kasal ninyo ni Mark."

Parang nagsisikip ang kanyang dibdib. "Gaya ng ano?" Memories overwhelmed her.

"Marching down the aisle and out of the church, leaving everybody, the groom included, was not quite impressive. That took a lot of guts for you to do it." Derechong nakatingin sa mga mata niya si Danzele nang sabihin iyon.

Parang may nakabikig sa kanyang lalamunan kaya lumunok muna siya bago nagsalita. "I couldn't marry him."

"If I were you, I might do the same. My cousin Mark seems as dry as yesterday's toast. He would never have satisfied a sensuous woman like you. He wouldn't even know how to start."

Para siyang sinampal. "How dare you say that? It's not the reason, for Christ's sake!"

"Then what? Bakit ka umalis, Heidi?"

"None of your damn business!"

He laughed. Para bang nasisiyahan itong makita siyang naiinis, nagagalit. "And apparently, nobody else's either. Hanggang ngayon, wala pang nakakaalam ng tunay na dahilan. Kaya maraming espekulasyon."

"Wala akong pakialam sa iniisip nila."

"Like a baby."

Nagulat siya. "What? They think I was pregnant?"

"Akala ko, wala kang pakialam sa iniisip nila?

"Damn it! Ituloy mo ang sinasabi mo."

Lihim na ngumisi ito. "According to Benjie, that was everybody's first guess. You couldn't bear the shame that's why you left."

"That's nonsense. Maraming ikinakasal na buntis."

"Only if she's carrying the groom's baby."

Gusto niyang matawa sa nais nitong ipabatid. "Ah, inisip nila na buntis ako at hindi si Mark ang ama. That was disgusting. I never had a baby."

"That was everyone's second theory. You were supposed to have a baby but you didn't."

Nanlaki ang mga mata niya. “Don’t tell me… they were thinking that I had an abortion?” Tumango ito. “Horrible! Kaya pala hindi nakatiis ang parents ko at sumunod sa akin sa Manila. Ni hindi sila nagsabi sa akin.” Hindi naman niya masisi ang mga ito maging si Maia dahil ayaw nga niyang pag-usapan ang nangyari noon. “Tell me the rest of it. Ano pa’ng sinabi nila?”

“Huwag mo nang itanong. It gets real nasty from there.”

“Damn, Danzele! Sabihin mo na. Naumpisahan mo na.”

He drew a deep breath. “Some thought you might have been on drugs.”

“Ridiculous. What else?” Hindi niya akalaing nakikinig siya ngayon sa mga sinasabi ng isang estranghero tungkol sa iniisip sa kanya ng mga kababayan niya. Weird!

“Some thought you like girls better than boys.”

Kalmante na siya ngayon. Bakit ba siya magpapadala sa emosyon? Those were just speculations at hindi totoo. Bakit siya magpapaapekto?

“Lahat ng sinabi ko ay kuwento lang ni Benjie

at ng asawa niyang si Jona. Pero hindi rin sa kanila nagmula ang mga iyon. Narinig din lang nila. And there's this thing that, well… hindi bale na lang…"

Sinulyapan niya ito. "Sabihin mo na. Don't stop."

"Are you… are you frigid, Heidi?"

"This is terrible! I can't believe this! Dahil hindi ko pinakasalan si Mark, frigid na raw ako?"

"Well, alam mo na. Boys talk. You had many boyfriends in the past before Mark but you never…"

"Went all the way?"

"From what I heard, you left all your exes hot and…bothered. You'd only go so far, then zip." Tumawa ito. "I didn't mean that literally."

Heidi was immobilized when the realization struck her. "You're making all this up, aren't you? Sinadya mo lang na sabihin ang lahat ng 'yan para mainis mo ako! How dare you! It's not true. I am not frigid!"

"No. There was a gossip about a baby, an abortion, the lesbian issue, the drug addiction and all the rest." He looked at her intently. "I only added the part about you being frigid to see how you will react." He was smiling. "I didn't believe that either

because I know… you're as hot as a firecracker." Pagkasabi nito niyon ay tumayo ito at nilapitan siya. Hinawakan siya nito sa magkabilang balikat. "I just knew you're hot…"

# 4

Heidi's knees were not making any guarantees that they could support her should he let go. Sa kabilang banda, they threatened to unhinge at any moment. Tila nawawala siya sa kanyang gunita. Parang nahipnotismo siya ng mga mata nito. Nang unti-unting paglapit ng mukha nito sa kanya.

It was true that he had many boyfriends in the past. Totoong noong high school at college days niya ay marami siyang naging flings pero si Mark lang ang pinakaseryoso sa kanyang mga naging relasyon. Kaya nga pumayag siya nang yayain siya nitong pakasal. Kaya nga masyado siyang nasaktan nang iwan niya ito sa araw ng kanilang kasal dahil sa isang bagay na wala siyang napagsabihan hanggang ngayon.

She went out on dates with several men when she moved to Manila but she only went as far as watching movies and having dinner. Never in her life had she met a man who turned her inside out just by what he said and the suggestive way he said it. Ang mga lalaking naka-date niya bago at pagkatapos ng naunsiyaming relasyon nila ni Mark ay hindi

remarkable. They were all forgettable. Kung playgirl siyang matatawag dahil doon, she deserved it.

Pero ang Danzele Soriano na ito, iba. Pangalawang beses pa lang nilang pagtatagpo ngayon pero hindi niya magawang idispatsa ito. Parang nakatatak na sa pagkatao niya ang anyo nito. Bakit ganoon? It seemed like the smell of his skin would tantalize her forever.

She had to wake up before it was too late. Hindi ibig sabihin ng mga nararamdaman niya sa aroganteng lalaking ito na gusto na niya ito. It only proved that she was alive.

"You're just as intoxicating as a hard liquor, Heidi," bulong nito. His breath was like a cool wind touching her senses. His mouth was so close to hers.

Gusto niyang pumikit pero pinigil niya ang sarili. When she saw his mouth descending toward hers, she turned her head away. "No!"

Hindi ito natinag. Pinakatitigan siya nito. "Maybe I was right. Maybe, you really can't stand a man's touch."

"That's not true."

Pabulong ang sagot nito. "Well then…." He gave

her a kiss. The kind of kiss she would never forget all her life.

---

Mahigit isang oras nang nakaalis si Danzele pero balisa pa rin si Heidi. She was sure he was laughing at her now. Para siyang gaga na pumayag sa ginawa nito sa kanya.

Naligo siya uli. She was trying to erase what had happened. The cold shower did not help. She was still feeling hot. Ano ang ginawa sa kanya ni Danzele Soriano?

Her mind clung to the memory of that hateful kiss.

She had not responded, she knew it. Iyon na lang ang tanging konsolasyon na maaari niyang maipagmalaki. But she did allow the kiss to happen. She should have slapped him but she had no strength to do it. Pakiramdam niya ay hinang-hina siya kanina.

His mouth had been so unapologetically hungry, so consummately male, as it moved over hers. He had pressed his lips determinedly against hers until they had parted. Pagkatapos…..

Napapikit si Heidi. Ayaw na niyang isipin ang mga sumunod na nangyari pero para iyong isang magandang panaginip na paulit-ulit na bumabalik. Her stomach went weightless and her womanhood blossomed with pulsing warmth, when she recalled his tongue thrusting its way between her lips and into her mouth. Undisciplined. Erotic. Kaya hindi man siya gumanti, nagawa nitong gawin ang nais nito sa paraang gusto nito. He was such a thief because he had robbed her of the will to resist even if she did not respond.

Sinabi nito na hindi ito namimilit. Hindi nga siya tumugon sa halik nito pero hindi niya ito pinigilan. How foolish could she get! She allowed him to do it.

He held her gently. Ramdam niya sa kanyang sarili na malapit na siyang bumigay kahit anong kontrol niya. Pero napahiya siya dahil nang iniangat niya ang kanyang kamay sa batok nito at handa na sana niyang sagutin ang maiinit na halik nito ay saka naman ito huminto.

He smiled and said, *"I have stayed too long. I've got to go. I'll be seeing you again."* May kakaibang ngiti sa labi nito nang tumalikod ito at iniwan siya sa nakakahiyang sitwasyon.

"Damn you, Danzele Soriano! Damn you!" Gigil

na gigil siya. Mas lalo siyang nagagalit sa sarili dahil nahulog siya sa patibong nito.

His taste lingered on her lips and tongue. She could still feel him, full and firm, even if he was wearing denim pants.

Oh God, how she hated him… and herself too!

---

Mag-a-alas-doce ng tanghali nang magtungo si Heidi sa bahay ni Maia. Doon siya mananaghalian pagkatapos ay pupunta sila sa couturier para magpasukat siya ng gown na gagamitin niya sa kasal nito. Napansin agad ni Maia ang pananahimik niya.

"May problema?" tanong nito. Sinusubuan nito ang dalawang taong gulang na anak.

"Wala." How could she ever tell Maia about what happened between her and Danzele? Nakakahiya iyon.

"Tungkol pa rin ba kay Danzele?"

"H-ha?"

"Huwag mo na lang kasi siyang pansinin. Sakyan mo na lang ang trip niya."

"Huwag na natin siyang pag-usapan."

“Heidi, don’t you think it’s about time na pag-usapan na natin once and for all kung ano ba talaga ang nangyari noon?”

“What for?”

“Para sa katahimikan mo. Para sa kaliwanagan ng lahat. Pakiramdam ko kasi, nasa dilim ka pa rin. I am your best friend. I can feel the loneliness deep within you.”

“One can get very lonely sometimes pero believe me, nalimutan ko na ang lahat. I already moved on.”

“Kaya? Do you sometimes wish you had stayed and married Mark?”

“Hindi. I never regretted my decision not to marry him.”

“Heidi—”

“Patawarin mo ako, Maia. Kung may isa akong pagsasabihan ng kung ano ang talagang totoong dahilan kung bakit ako umalis, ikaw ’yon. Alam mo ’yan. But I chose to keep quiet dahil alam kong iyon ang mas tama. Gaya ng nasabi ko na noon sa iyo at sa parents ko, it was the wisest choice, if not the easiest. Please believe me.”

“Naniniwala ako. Hindi mo na kailangang

i-justify ang sarili mo. Ayoko na nga sanang buksan ang topic na iyan but I think you need to talk about it."

"I can't, Maia. Maybe someday but not right now."

Hindi na nagpumilit pa si Maia. Iyon ang gusto niya sa kanyang kaibigan. Palagi nitong iginagalang ang kanyang sinasabi. She was really a best friend in the truest sense of the word.

Pagkatapos nilang kumain ay nagtuloy na rin sila sa modistang namamahala sa lahat ng kasali sa entourage.

Nang makita si Heidi ng baklang modista ay nag-suggest ito. Si Zia ang pinakamagaling na gumawa ng gown sa bayang iyon noon pa man. "Miss Maganda, gusto mong isukat ang isang iyon?" turo nito sa peach gown na nakasuot sa mannequin sa display window. "Tingin ko ay babagay sa iyo ang gown na iyon. Since peach naman ang motif ni Maia at maid of honor ka, baka gusto mong iyon na lang ang isuot mo. Kung gusto mo lang naman. If not, I can make you one na gusto mo ang style."

"Hmm… mukha ngang babagay sa iyo 'yon, Heidi," sang-ayon ni Maia.

She was a couturier and designer herself. She knew when a dress was fit for her. “I’ll give it a try.”

Inasistihan siya nina Zia at Maia sa pagbibihis. At nang naisuot niya ang bareback peach gown ay parehong napa-wow ang mga ito. Parang sinadya ang gown na iyon para sa kanya.

“Ang ganda mo, Heidi,” sabi ni Maia. “No one will be looking at me if you’re standing beside me.”

“Maganda nga itong gown,” sang-ayon niya habang nakatingin sa full-length mirror sa kanyang harapan. “Pero siyempre, the bride will always be the most beautiful woman in a wedding ceremony.”

“This time, baka matabunan mo ako.”

“Don’t be silly, Maia. Maganda ka sa araw ng kasal mo.”

“All right but you’ll be equally beautiful in that long peach gown. I guess, iyan na lang talaga ang isuot mo.”

Tumango siya. “I guess so. Para hindi na ako magpasukat. Maybe, this gown is really meant for me.”

Sumingit ang baklang si Zia. “Si Charlene Gonzales ang nasa isip ko nang dinisenyo at tinahi

ko ang gown na ’yan. Actually, dapat ay isusuot ’yan ng isang beauty contestant kaya lang nabuntis daw kaya hindi na natuloy ang paglaban niya.” Binuntutan nito ng tawa ang sinabi.

“What a beautiful sight…”

Sabay-sabay silang napalingon sa lalaking nagsalita mula sa kanilang likuran. Agad na tumahip ang dibdib ni Heidi nang nakita si Danzele sa may pintuan. Katabi nito si Zosimo.

Agad na lumapit si Maia sa magiging asawa nito. “Hi, honey. Hindi mo sinabi na pupunta ka rito?”

“I had no plans kaya lang hindi pa pala nakapagpasukat ng barong itong si Danzele. Niyaya ko na siya rito.”

“Hi, Danzele,” bati ng baklang modista rito sabay angkla sa braso nito. “Ang tagal mo namang pumunta para magpasukat. Halika na.”

“Ngayon lang nagkapanahon. I am glad na kasabay ko rito ang aking maid of honor,” derechang sabi nito. He was intently looking at her. Para siyang hinuhubaran ng lalaki sa uri ng tingin nito.

Kinilabutan si Heidi. Muli ay naalala niya ang naganap sa pagitan nila ni Danzele kaninang umaga

lang.

“How are you, Heidi?”

Pinilit niyang itaas ang noo. *Damn you, Danzele!* “I’m fine.”

Hindi siya makatingin ng derecho sa mga mata nito. Hindi niya alam kung may alam si Zosimo tungkol sa nangyari. Baka kiss and tell si Danzele. Tumalikod siya at nagpaalam na magpapalit ng damit.

Sinundan siya ni Maia sa silid para asistihan siya sa paghuhubad ng damit.

“You seem indifferent. Inis ka talaga kay Danzele,” ani Maia habang ibinababa ang zipper ng gown.

“He’s… he’s annoying.”

“Iniisip mo lang ’yon. He’s a good man. Lahat ng tao dito sa San Nicolas, gusto siya.”

Hindi na siya nakipagtalo. “Sasabay ka na kay Zosimo? I guess, mauna na ako sa iyo.”

“Okay lang ba?”

“Okay lang. May kakausapin din ako pagkagaling ko rito. Pupunta ako sa kamag-anak namin. Mamaya

pa sanang hapon pero ngayon na ako pupunta."

"Magkita na lang tayo bukas. Tulungan mo akong gumawa ng give-aways ko."

"Sure."

Paglabas nila ay eksaktong tapos nang sukatan ni Zia si Danzele. Nagyayang mag-lunch si Zosimo.

"We just had lunch, honey," ani Maia sa mapapangasawa.

"In that case, sumama na rin kayo sa amin ni Danzele. You might as well have dessert," suhestyon ni Zosimo.

"Not a bad idea," ani Maia bago sumulyap sa kanya.

"Kayo na lang. I'm meeting somebody."

"Mamaya pa namang hapon 'yon, di ba? Sumama ka na muna sa amin. Para naman makita mo na marami nang nabago dito sa San Nicolas."

Hindi niya alam kung paano tatanggi. Nang mapasulyap siya kay Danzele ay nakangiti itong hindi mawari.

Hinawakan siya ni Maia sa kamay. "Sige na, please. Para naman may kasabay ako sa pagkain

ng dessert. Parang masarap kumain ng ice cream ngayon."

"O-okay."

---

Hindi alam ni Heidi kung pagkakataon o sinadya talaga na magkasama sila ni Danzele sa kotse. Wala itong dalang sasakyan. Nakisabay lang daw ito kay Zosimo. Kotse niya ang ginamit nila ni Maia kanina. Si Maia ay kay Zosimo sumabay. Hindi na siya nakaiwas nang si Danzele ay nagprisintang magmaneho ng kotse niya.

"Do you believe in destiny?" tanong ni Danzele nang umaandar na ang kotse.

"It depends."

"Tingin ko ay nakadestino talagang magkita tayo. I had no plans of going with Zosimo in that shop. I'm so happy I did." Nilingon siya nito.

"Stop this nonsense, Danzele."

"I couldn't forget how I felt when I kissed you this morning. You have the sweetest lips on earth—"

"Stop it. Will you?"

Nilingon siya uli nito. "Why? Kahit hindi mo

aminin, I know you liked what we shared."

"I didn't respond. You kissed me, I didn't kiss you back."

Nakakaasar ang ngiti ni Danzele. "Pinigil mo ang sarili mo but I knew you wanted to retaliate. You would've, if I didn't break off the kiss, I knew it."

Hindi niya napigilan ang sarili. Binayo niya ang braso nito. "You bastard! That will be the first and last."

Hindi nito ininda ang hataw ni Heidi. Tumawa pa ito. "You're twenty-eight. A certified city girl but you were acting as if you're a sixteen-year-old barrio lass."

Napikon na talaga siya. "That's it! Pull over! Bumaba ka na! Hindi ako sasama sa lunch ninyo."

"You can't do that. Kapag bumaba ka, sasabihin ko kina Zosimo at Maia ang nangyari sa atin kanina."

"Damn you! Napakawalanghiya mo talaga."

Isang malakas na tawa ang sagot nito. Parang gusto niyang umiyak. "Naniwala kang sasabihin ko sa kanila that we shared passionate kisses this morning?" nakangiting tanong nito sa kanya.

"We didn't share! You kissed me, I didn't kiss you back," ulit ng dalaga.

"Okay, if that's how you want to put it," anito. "But don't worry. I am not the kiss-and-tell type."

Gigil na gigil siya pero hindi siya galit dito. Bakit wala siyang makapang galit sa dibdib niya para rito bagkus ay may kung anong kiliti siyang nararamdaman? Nababaliw na yata siya!

Hanggang sa makarating sila sa restaurant sa bayan ay kampanteng-kampante si Danzele sa pakikipag-usap kina Zosimo at Maia. Siya naman ay kailangan pang magkunwari para lumabas na okay ang kanyang pakiramdam.

She knew Danzele was watching the way she was eating ice cream. Nako-conscious tuloy siya.

Hindi niya alam kung lihim na manghihinayang o magpapasalamat na nang natapos ang pagkain nila ay sumabay uli si Danzele kay Zosimo. Babalik daw ang mga ito sa opisina ni Zosimo para mag-meeting. Inihatid niya si Maia sa bahay nito bago siya nagtuloy sa kamag-anak niya.

Pero hindi niya maitatanggi na parang nadikit ng glue sa kanyang sistema ang mukha ni Danzele hanggang ngayon.